
6

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:

## Ang Kababaihan sa Rebolusyong Pilipino



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

## Alamin

Ipakikilala sa modyul na ito ang kababaihang naging bahagi ng pag-aalsa laban sa mananakop na Español. Tatalakayin dito ang kanilang gawain at pakikiisa sa mithiing magkaroon ng kasarinlan ang bansa. Kasama sa kanilang gawain sa kilusan ang pangangalaga sa mga sugatang katipunero at paghahanda at pagsisilbi sa kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Bagamat may sariling mga pamilya, di ito naging hadlang sa kanilang pagsisilbi para sa kapakanan ng bayan. Humandang kilalanin sila sa araling ito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. makikilala ang kababaihan na nakiisa sa mga gawain sa rebolusyon;

2. matutukoy ang mga kontribusyon ng kababaihan sa pagkamit ng kalayaan sa panahon ng rebolusyon;

3. malalaman ang mga ginawa ng kababaihan sa ating kasaysayan; at

4. ang mga ambag ng kababaihan sa pagsiklab ng rebolusyon.

## Subukin

Panuto: Basahin ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ipinanganak noong Mayo 9, 1875 at anak ng ulirang mag-asawang sina Nicolas de Jesus at Baltazar Alvarez.
   a. Marcela Agoncillo
   b. Melchora Aquino
   c. Gregoria de Jesus
   d. Trinidad Tecson

2. Siya ay naglingkod bilang pangulo ng lupon ng kababaihan.
   a. Josefa Rizal
   b. Melchora Aquino
   c. Gregoria de Jesus
   d. Trinidad Tecson

3. Isa siya sa iilang kababaihan na humawak ng armas at nakipaglaban kasama ng kalalakihan sa rebolusyon sa Bulacan.
   a. Josefa Rizal
   b. Melchora Aquino
   c. Gregoria de Jesus
   d. Trinidad Tecson

4. Kinikilalang “Lakambini ng Himagsikan,” asawa ni Andres Bonifacio.
   a. Trinidad Tecson
   b. Marcela Agoncillo
   c. Gregoria de Jesus
   d. Marina Santiago

5. Ang kakayahang mamuno, lakas ng loob at kagitingan ng babae ang ilan lamang sa mga katangiang ipinakita.
   a. Teresa Magbanua
   b. Trinidad Tecson
   c. Melchora Aquino
   d. Gregoria de Jesus

6. Sa ikalawang yugto ng Himagsikan, sumama siya sa pangkat ni Heneral Gregorio del Pilar sa pagkuha sa bayan ng Bulacan at sa pangkat ni Heneral Isidoro Torres sa pagpasok sa Calumpit.
   a. Teresa Magbanua
   b. Trinidad Tecson
   c. Melchora Aquino
   d. Josefa Rizal

7. Una siya sa mga kababaihang nagpatala noong Hulyo 1893 bilang katipunerang handang tumulong sa pakikidigma.
   a. Trinidad Tecson
   b. Gregoria de Jesus
   c. Marina Santiago
   d. Melchora Aquino

8. Siya ay binansagang “Joan of Arc ng Kabisayaan”.
   a. Gregoria de Jesus
   b. Marina Santiago
   c. Melchora Aquino
   d. Teresa Magbanua

9. Noong Setyembre 16, 1894 ay nagpakasal siya kay Jose Turiano Santiago sa Simbahan ng Binondo. Si Jose ay isa ring Katipunero ng Trozo, Maynila.
   a. Trinidad Tecson
   b. Gregoria de Jesus
   c. Marina Santiago
   d. Melchora Aquino

10. Siya ay kilala sa tawag na “Tandang Sora”.
   a. Melchora Aquino
   b. Trinidad Tecson
   c. Marcela Agoncillo
   d. Gregoria de Jesus

# Aralin 1 Kababaihan sa Rebolusyon

May alam ka bang bayaning babae sa panahon ng rebolusyon? Maiisa-isa mo ba sila? Sa modyul na ito makikilala mo ang kababaihan na nagbuwis ng kanilang buhay sa pakikipaglaban. Bago kilalanin kung sino-sino sila, gawin muna ang nasa sumusunod.

## *Balikan*

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Kasama sa walong lalawigan na nag-alsa noong panahon ng himagsikan ang Cavite, Laguna, Maynila, Bulacan, Tarlac, Nueva Ecija, Pampanga at _______________.
   A. Romblon
   B. Quezon
   C. Batangas
   D. Mindoro Oriental

2. Ang kawalan ng pagkakaisa ng mga lider sa himagsikan ay nagdulot ng _______________.
   A. katiwalian
   B. tagumpay
   C. kabiguan
   D. kapangyarihan

3. Isa sa mga probisyon sa Kasunduan sa Biak-na-Bato ay ______________.
   A. Maging malaya na ang Pilipino.
   B. Pilipino ang mamumuno sa bansa.
   C. Pagtigil ng mga rebolusyonaryo sa labanan.
   D. Pagtatapos ng pamamahala ng Español sa Pilipinas.

4. Sa Kumbensiyon naihalal si Andres Bonifacio bilang ________.
   A. pangulo
   B. kapitan-heneral
   C. direktor ng interior
   D. direktor ng digmaan
5. Nahatulang mamatay sina Andres at Procopio Bonifacio sa kasalanang ______________.
   A. pagtataksil sa bayan
   B. pagkampi sa Español
   C. pandaraya sa eleksiyon
   D. pagpapabaya sa tungkulin

6. Ang Kasunduan sa Biak-na-Bato ay nagsasaad na ang mga Pilipinong nakipaglaban sa Español ay ______________.
   A. papatawan ng parusa
   B. patatawarin sa kasalanan
   C. papatawan ng malaking buwis
   D. pagtatrabahuhin sa tanggapan

7. Layunin ng Kasunduan sa Biak-na-Bato na ______________.
   A. itigil ang labanan para sa katahimikan ng bansa
   B. ibigay na ang kalayaang hinihingi ng Pilipinas
   C. itago sa lahat ang mga anomalya sa pamahalaan
   D. ituloy ang labanan kahit may kasunduan

8. Kinikilalang Utak ng Himagsikan si ______________.
   A. Jose Rizal
   B. Emilio Aguinaldo
   C. Pio Valenzuela
   D. Emilio Jacinto

9. Kinikilalang Ama ng Himagsikan si ______________.
   A. Emilio Jacinto
   B. Apolinario Mabini
   C. Emilio Aguinaldo
   D. Andres Bonifacio

10. Ang tumutol sa pagkahalal kay Andres Bonifacio bilang Direktor Panloob noong Kumbensyon sa Tejeros ay si ______________.
    A. Candido Tirona
    B. Daniel Tirona
    C. Mariano Trias
    D. Emilio Aguinaldo

# Tuklasin

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sila ang kababaihang naging bahagi ng pag-aalsa laban sa mananakop na Español. Alamin kung ano ang kanilang naging bahagi sa pag-aalsa laban sa mananakop na Español.



**Gregoria de Jesus**



**Josefa Rizal**



**Melchora Aquino**



**Teresa Magbanua**



**Marina Dizon Santiago**



**Trinidad Tecson**



**Marcela Agoncillo**

## Suriin

**Mga Kababaihan sa Rebolusyon**

Di kaila sa ating kasaysayan na malaki ang naging bahagi ng kababaihan sa panahon ng rebolusyon. Sa umaga makikita na ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin bilang maybahay, anak, kapatid at bilang mga ina. Sila ay mapagmahal sa pamilya, tagaluto, tagalinis ng bahay, nag-aalaga ng mga anak at nagsisilbing ina ng kanilang mga tahanan. Ngunit may mithiin silang tulungan ang mga katipunero laban sa mga Español na kailangan nilang gawin, sila ay may pusong nagmamalasakit sa kapwa, na kahit ipapakain na sa mga pamilya ay ibibigay pa sa mga katipunerong nangangailangan. Ano-ano kaya ang mga naambag nila para sa bayan?



Si **Gregoria de Jesus** ay ipinanganak noong Mayo 9, 1875 sa ulirang mag-asawang sina Nicolas de Jesus at Baltazar Alvarez. Siya ay kabiyak ng Supremo ng Katipunan na si Andres Bonifacio. Si Gregoria de Jesus ay lalong kilala sa taguring "Lakambini ng Katipunan."

Si Gregoria de Jesus, na karaniwang tinatawag ng mga manghihimagsik na "Inang Oriang", ay nagkaroon ng mahalagang tungkulin sa Katipunan. Ipinagkatiwala sa kanya ang pag-iingat ng mga dokumento ng Katipunan, kalakip ang mga selyo, mga kagamitan at revolver. Malaki ang ambag niya bilang asawa ng pinuno ng Katipunan, na habang si Andres Bonifacio ay namuno sa mga labanan, siya ay nagtatago ng mga kasulatan at lihim ng samahan. Pinamahalaan din ni Oriang ang pagpapakain at pagpapagamot sa mga kasapi ng Katipunan na minalas na nasugatan. Nang minsang may nagtraydor sa Katipunan ay itinuro siya na may hawak ng mahahalagang kasulatan ng Katipunan, subalit ang mga ito madali niyang naitago sa malayong lugar. Tunay na natatangi si Gregoria de Jesus sa kanyang partisipasyon sa samahan.



Si **Josefa Rizal** o Panggoy kung tawagin ay ang ika-siyam na anak sa pamilya ng mga Rizal. Siya ay kapatid ng pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal at naging pangulo ng lupon ng kababaihan.

Katulad ni Gregoria de Jesus, si Josefa ay tagaingat din ng mga lihim na dokumento ng samahan. Pinoprotektahan nila ang mga katipunero habang patagong nagpupulong ang mga ito sa pamamagitan ng pagkakanta at pagsasayaw upang malihis ang atensiyon ng mga guwardiya sibil.



Si **Marcela Mariño Agoncillo** ay pangunahing tagahabi ng una at opisyal na watawat ng Pilipinas kay siya ay tinaguriang "Ina ng Watawat ng Pilipinas."

Si Marcela Agoncillo ay anak ni Don Francisco Diokno Mariño at Doña Eugenia Coronel Mariño, isang mayamang pamilya sa bayan ng Taal, Batangas. Natapos niya ang kanyang pag-aaral sa musika at pambansang likha sa Santa Catalina College.

Sa edad na 30, pinakasalan ni Marcela Coronel Mariño si Felipe Encarnacion Agoncillo, isang abogado at hurado sa Pilipinas. Sila ay nagkaroon ng anim na anak. Nang ipinatapon sa Hong Kong si Felipe sa pagsiklab ng Rebolusyong Pilipino, si Marcela Mariño Agoncillo at ang nalalabing pamilya ay sumama sa asawa at pansamantalang naninirahan doon upang maiwasan ang mga laban sa kontra-Pilipino ng pagsakop sa España. Habang sa Hong Kong, hiniling ni Heneral Emilio Aguinaldo na tahiin niya ang watawat na kumakatawan sa Republika ng Pilipinas. Kasama ang kanyang panganay na anak na babae na si Lorenza at isang kaibigan na si Delfina Herbosa Natividad, pamangkin ni Dr. Jose Rizal, manu-manong tinahi ang watawat alinsunod sa disenyo ni Heneral Emilio Aguinaldo na kalaunan ay naging opisyal na bandila ng Republika ng Pilipinas.



Si **Trinidad Perez Tecson** ay kilala bilang “Ina ng Biak-na-Bato.” Isa siya sa iilang kababaihan na humawak ng armas at nakipaglaban kasama ng kalalakihan sa rebolusyon. Binansagan din siyang “Ina ng Red Cross” para sa kaniyang paglilingkod sa mga kasamang Katipunero.

Isinilang si Trinidad noong Nobyembre 18, 1848 sa isang mariwasang angkan sa San Miguel de Mayumo, Bulacan. Mga magulang niya sina Rafael Tecson at Monica Perez. Bukod sa maganda, hinangaan siya ng kalalakihan sa paghawak ng sandata. Nag-aral siya ng eskrima at sinasabing minsang pasukin ang kaniyang bahay ng mga guwardiya sibil ay nilabanan niya ang mga ito. Ilan sa mga sundalo ang kaniyang nasugatan at nahabla siya. Labinsiyam na taong gulang siya nang mapangasawa ni Sinforoso Desiderio. Hindi nagtagal ang buhay ng kaniyang unang asawa pati ang kanilang dalawang anak.

Pagsiklab ng himagsikan, sinasabing kasama siya sa hukbo ni Heneral Mariano Llanera sa pagpapalaya sa San Miguel. Siya ang nangasiwa sa bahay para sa mga maysakit at sugatan sa Biak-na-Bato. Dahil dito, tinawag siyang “Ina ng Biak-na-Bato.” Nang lusubin ng mga Español ang Biak-na-Bato ay matagumpay niya itong ipinagtanggol kasama ng pangalawang asawa na si Julian Alcantara at ilang katulong. Muntik na siyang mamatay sa isang madugong labanan sa San Miguel. Nasugatan din siya sa kanang hita sa labanan sa Zaragoza, Nueva Ecija.

Sa ikalawang yugto ng himagsikan, sumama siya sa pangkat ni Heneral Gregorio del Pilar sa pagkuha sa bayan ng Bulacan at sa pangkat ni Heneral Isidoro Torres sa pagpasok sa Calumpit. Nakarating siya hanggang Zambales sa pakikipaglaban sa mga Amerikano hanggang magkasakit dahil sa pagod at siya ay ipinagamot sa Maynila. Pagkatapos ng digmaan, namatay ang kaniyang ikalawang asawa at itinuon niya ang atensiyon sa negosyo sa Nueva Ecija. Namatay siya noong Enero 28, 1928 sa Philippine General Hospital.



Si **Melchora Aquino** o mas kilala sa tawag na “Tandang Sora” at “Ina ng Balintawak” ay ipinanaganak noong Enero 6, 1812. Isa siya sa mga bayaning Pilipino na kahanga-hanga.

Mahirap ang pamilya ni Melchora Aquino. Sa pamamagitan ng sariling sikap ay tinulungan niya ang kaniyang sarili na magbasa at sumulat. Pinalaki niya nang mag-isa ang anim na anak.

Pitong taon pa lamang noon ang kanyang bunsong anak nang namatay ang kanyang asawa na si Fulgencio de Ramos, isang Cabeza de Barrio. Sa edad na 84, naipakita niya ang kaniyang kabayanihan sa panahon ng rebolusyon sa pagtulong sa mga katipunero na nakipaglaban sa mga mapang-aping Español. Ang kaniyang bahay ay nagsilbing pagamutan sa mga sugatan. Nang malaman ng mga Español ang ginawa niyang pagtulong sa mga katipunero ay pinilit siyang magsalita laban sa Katipunan.

Ipinadakip siya ng mga Español at ipinatapon sa Isla ng Marianas. Bumalik lamang siya sa Pilipinas noong Pebrero 23, 1903, sa panahong natalo ng mga Amerikano ang mga Español. Namatay siya sa edad na 107 noong Pebrero 19, 1919. Dahil sa kaniyang kabayanihan, ipinangalan sa kanya ngayon ang isang lugar sa lungsod ng Quezon.



Si **Teresa Magbanua** ay tinaguriang "Visayan Joan of Arc." Ipinanganak siya noong Nobyembre 3, 1869 sa Pototan, Iloilo. Siya ay isa sa maipagkakapuring Pilipina, ang natatanging babaeng heneral na pinatunayan na ang babae ay may angking kakayahan, tibay ng puso at katapangan at handang isakripisyo ang buhay kung kinakailangan.

Nag-aral si Teresa sa Colegio de San Jose sa Jaro, Iloilo bago nagtapos bilang guro sa Colegio de Santa Catalina sa Maynila. Nagturo siya sa iba't ibang bayan sa Iloilo hanggang madestino sa bayan ng Sara at mapangasawa si Alejandro Balderas, isang magsasaka.

Nang sumiklab ang digmaan, pumunta siya sa kampo ng mga manghihimagsik na pinamumunuan ni Heneral Perfecto Poblador upang umanib. Nagpakitang gilas si "Nay Isa" ng kanyang kakayahan sa pagiging asintado sa baril at sa husay sa pangangabayo. Namuno siya sa mga grupong gerilya at matagal na lumaban sa digmaang Español at Amerikano. Nagpakita siya ng kakaibang tapang at pamumuno sa Isla ng Panay. Nagbigay ng tulong pinansiyal si Nay Isa sa kilusang gerilya sa Iloilo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Si **Marina Dizon Santiago** ay naging kalihim ng Katipunan. Katipunera sa puso at sa gawa, siya isang matapang na babae na naglingkod sa bayan. Siya ay ipinanganak noong Hulyo 18, 1875 sa mga magulang sina Jose Dizon at Roberta Bartolome. Ang kaniyang ama ay isa sa Labintatlong Martir ng Cavite at aktibong kasama ni Andres Bonifacio. Naulila siya sa ina noong walong buwan pa lamang. Dahil dito, kinupkop siya ng kaniyang tiya na si Josefa Dizon na ina ni Emilio Jacinto.

Sapagkat lihim na samahang rebolusyonaryo ang Katipunan, walang kababaihan ang nakakaalam noon sa samahan. Napansin nang kababaihan ang kakaibang galaw ng kalalakihan at sila ay nagmanman sa kanilang mga ama, asawa at kapatid. Isa si Marina sa mga nag-imbestiga at napag-alaman niyang Katipunero pala ang tatay niya at nagbibigay abuloy sa samahan upang makabili ng mga sandatang pandigma. Naging inspirasyon ng Katipunan si Marina sapagkat lubos nitong naunawaan ang mga layunin ng lihim na samahan.

Siya ang isa sa mga kauna-unahang kababaihan na nagpatala noong Hulyo 1893 bilang Katipunerang handang tumulong sa pakikidigma. Kasama niya sa pagpapatala bilang kasapi sina Gregoria de Jesus, Josefa Rizal, Trinidad Rizal, at ang mga pamangkin ni Rizal na sina Angelica Rizal Lopez at Delfina Herbosa. Ito ay ginanap sa bahay ni Restituto Javier sa Kalye Oroquieta, Binondo.

Isa sa mga naging pinaka-aktibong Katipunera si Marina. Nanguna siya sa pamamahala sa mga proyektong pinansiyal na tumutustos sa maraming gawain ng sikretong samahan. Tumulong din siyang humimok ng maraming kababaihan upang lumahok sa samahan. Sa maraming sumasali, binibigyang-diin ni Marina ang sagradong papel na kailangang gampanan ng mga bagong miyembro. Maliwanag na itinuturo niya sa mga kasapi ang konstitusyon at mga simulaing dapat matutunan ng bawat isa. Marami ang nagpapatunay na malaki ang naiambag ni Marina sa rebolusyon. Siya ang laging nangunguna sa pag-awit at pagsasayaw upang iligaw ng pansin ang paikut-ikot na mga patrol. Sa inilalarawang panlabas na katuwaan, nasa loob ng lahat ang pangamba. Binibigyang-diin ni Marina sa mga lihim na pulong na kailangan ang tapang ng dibdib, ganda ng pag-awit, saya ng pagsayaw at sinseridad ng paghalakhak upang maging makatotohanan ang lahat ng drama-dramahan alang-alang sa Katipunan. Bagamat naging abala sa pagsasabalikat ng mga gawaing pandigmaan, nagkaroon pa rin ng puwang ang sakramento ng matrimonya sa buhay ng dalaga. Noong Setyembre 16, 1894 ay nagpakasal siya kay Jose Turiano Santiago sa Simbahan ng Binondo. Si Jose ay kababata at dati niyang kamag-aral. Siya ay kasapi rin ng Katipunan.

## Pagyamanin

Panuto: Basahin at kilalanin kung sino ang tinutukoy sa bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot.

| | |
|---|---|
| A. Melchora Aquino | E. Marina Dizon Santiago |
| B. Gregoria de Jesus | F. Marcela Agoncillo |
| C. Josefa Rizal | G. Teresa Magbanua |
| D. Trinidad Perez Tecson | |

_________ 1. Kilala bilang "Lakambini ng Katipunan."

_________ 2. Siya ang tumahi sa unang bandilang Pilipino na ginamit ng Pangulong Emilio Aguinaldo noong Hunyo 12, 1898.

_________ 3. Bayani ng Himagsikang Pilipino at kilala bilang "Ina ng Biak-na-Bato."

_________ 4. Siya ang natatanging babaeng heneral na lumaban sa Iloilo.

_________ 5. Siya ang laging nangunguna sa pag-awit at pagsasayaw upang iligaw ng pansin ang paikut-ikot na mga guwardiya sibil sa mga lihim na pulong ng Katipunan.

_________ 6. Ipinanganak siya noong Mayo 9, 1875 at anak ng ulirang mag-asawang sina Nicolas de Jesus at Baltazar Alvarez.

_________ 7. Pinakain niya at ginamot ang mga katipunero at hindi tinangkang isiwalat ang lihim na Katipunan.

_________ 8. Siya ang naging kalihim ng mga lupon ng kababaihan.

_________ 9. Hinangaan siya sa galing sa paghawak ng sandata.

_________ 10. Naging pangulo sa lupon ng kababaihan.

## Isaisip

Napakalaki nang ginampanan ng kababaihan noong panahon ng rebolusyon. Sa labis na pagmamahal din sa kalayaan, ang iba sa kanila ay napilitan ding makipaglaban sa kabila ng kanilang kasarian. Ilan sa mga kababaihang ito ay sina:

- Gregoria de Jesus- asawa ni Andres Bonifacio; nagtago ng lihim na mga dokumento ng Katipunan; nagpakain sa mga katipunero; nagsilbing mangagamot sa mga sugatan; at namuno sa mga ritwal ng samahan.

- Josefa Rizal- kapatid ni Dr. Jose Rizal; nagsilbing pinuno ng kababaihan sa Katipunan; at isa sa mga nagplano ng mga sayawan habang nagpupulong ang mga pinuno upang malinlang ang mga guwardiya sibil.

- Marcela Agoncillo- nanguna sa pagtahi ng bandila ng Pilipinas.

- Trinidad Tecson- kilala sa paghawak ng armas at nakipaglaban kasama ang kalalakihan sa rebolusyon; siya rin ang tumulong sa mga kasamang katipunerong nasugatan lalo na sa kaganapan sa Biak-na-Bato.

- Melchora Aquino- tinawag na "Tandang Sora"; nagsilbing mangagamot sa mga sugatan; nagpakain sa mga katipunero at nagpahiram ng bahay niya upang magsilbing pulungan ng mga pinuno ng rebolusyon.

- Teresa Magbanua- naging kumander ng grupo ng mga gerilya sa Iloilo at nanalo sa mga labanan sa Panay.

- Marina Dizon Santiago- ang kauna-unahang babae na nagpatala sa Katipunan; siya ay nagtuturo ng konstitusyon at mga simulain ng samahan.

## *Isagawa*

Ito ay isang orihinal na tula na isinulat ni Mitzel M. Alvaran tungkol sa kababaihan sa panahon ng rebolusyon. Bigkasin ito nang may damdamin.

**Kababaihan sa Rebolusyon**

Lupang Sinilangan kung tawagin natin,
Bansang Pilipinas, malaya na, malaya na,
Magigiting na bayani, mga babae mandin,
May taimtim na hangarin sa bansang may pag-asa.

Lukso ng damdaming pagka-Pilipino,
Sa pag-alaga ng pamilya ginagawa na,
Sa umaga ay kilos dalagang Pilipina,
Pag-gabi ay sadyang magiting na pinunong nagkakaisa.

Melchora Aquino at Trinidad Tecson,
Mga katipunera may tapang at lakas ng loob,
Sila ay nagdugtong ng buhay ng katipunero,
Mapalaganap ang makabansang pagsubok nito.

Gregoria de Jesus, Marina Santiago at Teresa Magbanua
Kapwa pinuno dala-dala ay tapang nila,
Marcela Agoncillo, kaakit-akit ang loob niya,
Sa pagtahi ng watawat ganda ay masdan.

Mga babae kung ituring ngunit sila ay ibahin,
Pagmamahal sa bansang Pilipinas purihin,
Dapat parisan ang lahing matapang,
Tularan ngayon hanggang sa katapusan.

Panuto: Sagutin ang mga katanungan.

1. Ano-ano ang katangian ng kababaihan sa panahon ng rebolusyon?

______________________________________________

______________________________________________

2. Ganito pa rin ba ang kababaihan sa ngayon?

______________________________________________

______________________________________________

3. Bakit naging mahalaga ang partisipasyon ng kababaihan sa panahon ng rebolusyon?

______________________________________________

______________________________________________

4. Dapat bang tularan ang ating mga kababaihan noong panahon ng rebolusyon? Sa anong paraan natin sila matutularan?

______________________________________________

______________________________________________

## *Tayahin*

Panuto: Ibigay ang naging kontribusyon ng magigiting na kababaihan sa panahon ng rebolusyon upang makamit natin ang kalayaan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Kababaihan sa Rebolusyon | Kontribusyon |
|---|---|
| 1. Gregoria de Jesus | |
| 2. Josefa Rizal | |
| 3. Marcela Agoncillo | |

| | |
|---|---|
| 4. Trinidad Tecson | |
| 5. Melchora Aquino | |
| 6. Teresa Magbanua | |
| 7. Marina Santiago | |

## Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag sa pangungusap ay totong tungkulin ng kababaihan sa panahon ng rebolusyon at isulat ang **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang ilan ay nagsanay sa paghawak ng armas na panlaban at natutong sumakay sa kabayo upang makalaban kasabay ng kalalakihan sa rebolusyon.
2. Kumikilos ang kababaihan ayon sa kanilang pagnanais at sariling pagkukusa.
3. Nagkaroon ng sariling pangkat ang kababaihan noong panahon ng Katipunan.
4. Nanguna sa kontra-paniniktik o pagtatangkang matuklasan ng mga kalaban ang kanilang istratihiya sa labanan.
5. Sa tulong ng kababaihan, napanatiling lihim ang pangkat ng katipunan sa loob ng apat na taon.
6. Ang ilan sa kanila ay nagsilbing tagasuri o tagatago ng mga mahahalagang dokumento.
7. Nagpakita sila ng katatagan sa kabila ng paglisan ng kanilang mga kabiyak upang tumakas sa digmaan.
8. Naging heneral ang ilan sa mga kababaihan noon.
9. Mayroon ding kababaihang nagpakita ng kanilang katapangan sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga akdang laban sa mga dayuhan.
10. Ang kababaihan sa Katipunan ay nagpapakain, nanggagamot at ang iba ay namumuno sa ritwal ng samahan.

## Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Pagyamanin | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|---|
| 1. C | 1. C | 1. B | 1. Tama |
| 2. A | 2. D | 2. F | 2. Tama |
| 3. D | 3. C | 3. D | 3. Tama |
| 4. C | 4. C | 4. G | 4. Tama |
| 5. A | 5. A | 5. E | 5. Tama |
| 6. B | 6. B | 6. B | 6. Tama |
| 7. C | 7. B | 7. A | 7. Tama |
| 8. D | 8. D | 8. E | 8. Tama |
| 9. C | 9. B | 9. D | 9. Tama |
| 10. A | 10. B | 10. C | 10. Tama |

**Tayahin**

1. Siya ang taga-tago ng mga dokumento ng Katipunan
2. Naglingkod bilang pangulo sa lupon ng kababaihan
3. Tumahi sa unang bandila ng Pilipinas
4. Isa siya sa iilang kababaihan na humawak ng armas at nakipaglaban kasama ng kalalakihan sa rebolusyon
5. Pinakain at ginamot niya ang mga katipunero sa bahay
6. Siya ay isa sa natatanging babaeng heneral sa Iloilo
7. Ang kauna-unahang babae na nagpatala sa Katipunan